

Mga kondisyon sa paaggamit ng tulong para sa legal na konsultasyon

Ang Houterasu ay nagbibigay ng libreng legal na konsultasyon sa mga hindi makatanggap ng legal na tulong mula sa mga abugado o judicial scrivener dahil walang pera at may problema sa sibil at domestic na kaso (legal na tulong para sa mga sibil na kaso at tulong para sa legal na konsultasyon).

Kinakailangan matugunan ang mga kinakailangan sa ibaba upang magamit ang sistema na ito.

- ✓ Ang kita at pag-aari ay nasa loob ng tiyak na pamantayan
- ✓ Pagkakaroon ng adres sa Japan at nananatili ng legal (Gayunpaman, kung ang katayuan ng paninirahan ang problema at nagsampa ka ng demanda sa pamamahala ng disposisyon ng mga awtoridad hinggil sa katayuan ng paninirahan, at tila tiyak na kinikilala ng korte ang katayuan ng paninirahan alinsunod sa judicial precedent, sa mga espesyal na kaso, maaaring ituring na natugunan mo ang mga kinakailangan kahit na wala kang katayuan ng paninirahan.)
- ✓ Ang nais na idulog na problema ay naangkop sa layunin na makapagbigay ng suporta sa batas na sibil.

Kinakailangan matugunan ang anuman sa pamantayan A at B.

Pamantayan A Ang kita ay mababa sa tiyak na halaga

Maliban sa kaso ng dispute ng mag-asawa, ang halaga ay matutukoy sa pagkalkula ng kita at pag-aari ng asawa bilang prinsipyo.

Ang pamantayan ng buwanang kita (1/12 ng taunang kita kabilang ang mga bonus) ay ang sumusunod.

Solo	Pamilyang may dalawang tao	Pamilyang may tatlong tao	Pamilyang may apat na tao
182,000 yen pababa (200,200 yen pababa)	251,000 yen pababa (276,100 yen pababa)	272,000 yen pababa (299,200 yen pababa)	299,000 yen pababa (328,900 yen pababa)

*Ang nasa loob ng () ay pamantayan para sa mga malalaking lungsod tulad ng Tokyo, Osaka, atbp.

*Para sa pamilyang may limang katao o higit pa, magdaragdag ng 30,000 yen (33,000 yen) kada karagdagang tao.

*Kung may mga gastos tulad ng gastos sa medisina, edukasyon, atbp., katumbas na halaga ang ibabawas.

*Kung nagbabayad ng renta o mortgage, ang kabuuang halaga ay idadagdag sa loob ng halaga ng limitasyon sa ibaba sa pamantayan ng kita sa itaas. Ang nasa loob ng () ay ang maximum na halaga na maaaring idagdag ng mga residente sa special ward ng Tokyo.

Solo	Pamilyang may dalawang tao	Pamilyang may tatlong tao	Pamilyang may apat na tao o higit pa
41,000 yen (53,000 yen)	53,000 yen (68,000 yen)	66,000 yen (85,000 yen)	71,000 yen (92,000 yen)

Pamantayan B Ang mga pag-aari ay mababa sa tiyak na halaga

Kinakailangan matugunan ang mga sumusunod na pamantayan para sa kabuuan ng cash at deposito.

Solo	Pamilyang may dalawang tao	Pamilyang may tatlong tao	Pamilyang may apat na tao o higit pa
1.8 milyong yen pababa	2.5 milyong yen pababa	2.7 milyong yen pababa	3 milyong yen pababa